



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California
Libreng Tawag (800) 776-5746*

Pagkuha ng Teknolohiyang Pantulong sa pamamagitan ng Kagawaran ng Rehabilitasyon

Pebrero 2016 Lat. #5584.08 - Tagalog

1. Maaari bang magbigay ang Kagawaran ng Rehabilitasyon (DOR, Department of Rehabilitation) ng teknolohiyang pantulong (assistive technology)?

Oo. Ayon sa Batas ng Rehabilitasyon (Rehabilitation Act), ang teknolohiyang rehabilitasyon ay “ang paggamit ng teknolohiya, pag-inhinyero, o mga siyentipikong prinsipyo upang matugunan ang mga pangangailangan at mga hadlang na hinaharap ng mga taong may kapansanan sa mga larangan kasama ang edukasyon, rehabilitasyon, transportasyon, malayang pamumuhay, at libangan. 29 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) § 705(30)

Ang mga teknolohiyang rehabilitasyon ay nahahati sa tatlong kategorya: *pag-inhinyerong rehabilitasyon, mga teknolohiyang kagamitang pantulong, at mga teknolohiyang serbisyong pantulong*. Kabilang din sa teknolohiyang rehabilitasyon ang mga pagbabago sa sasakyan, telekomunikasyon, pandama, at iba pang mga tulong at kagamitang panteknolohiya at hindi kasama ang pagbili at pagpapagawa ng sasakyan. 9 Kodigo ng Regulasyon ng California (CCR, California Code of Regulations) § 7024.7.

2. Ano ang mga teknolohiyang kagamitang pantulong (assistive technology device)?

Ang “teknolohiyang kagamitang pantulong” ay isang termino para sa anumang mga kagamitan o sistema kung saan naisasagawa ng isang indibidwal ang mga gawain na karaniwang hindi nila nagagawa o napadali at mas ligtas na naisasagawa ang mga gawain. Maaaring mabili ang kagamitan mula sa tindahan, binago o pinalitan upang maging akma sa iyong (mga) partikular na pangangailangan. 29 U.S.C. §§ 3001 *et seq.*, 9 CCR § 7002.

3. Ano ang teknolohiyang serbisyong pantulong (assistive technology service)?

Ang “teknolohiyang serbisyong pantulong” ay isang serbisyo na tumutulong sa iyo sa pagpili, pagkuha o paggamit ng mga teknolohiyang kagamitang pantulong, kasama ang:

- Isang pagtatasa ng iyong mga pangangailangan, kasama na ang isang pagtatasa ng pagkilos sa iyong nakagawiang kapaligiran.
- Pagbili, pagrenta, o kaya ay pagkuha ng teknolohiyang kagamitang pantulong.
- Pagpili, pagdisenyo, pagsukat, pag-aakma, pag-aangkop, paggamit, pagpapanatili, pagkumpuni, o pagpalit sa mga teknolohiyang kagamitang pantulong.
- Pakikipag-ugnayan at paggamit ng ibang mga terapiya, pamamagitan, o mga serbisyo na may teknolohiyang kagamitang pantulong, gaya ng may kaugnayan sa iyong kasalukuyang isinariling plano para sa trabaho (IPE, individualized plan for employment).
- Pagsasanay o teknikal na tulong para sa iyo o, kung naaangkop, mga miyembro ng iyong pamilya, tagapag-alaga, tagapagtaguyod, o awtorisadong kinatawan.
- Pagsasanay o teknikal na tulong para sa mga propesyunal (kasama ang mga indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyong edukasyon o rehabilitasyon), employer, o iba pang nagbibigay ng serbisyo sa mga employer, o di kaya ay may malaking pakikilahok sa larangan ng iyong mga pangunahing pagganap sa buhay, kung saan ang pagsasanay o teknikal na tulong ay kinakailangan para makamit mo ang layunin sa pagtatrabaho gaya ng nakasulat at napagkasunduan sa iyong plano para sa trabaho (IPE, Individualized Plan for Employment).

- U.S.C. § 3002 (5), 9 CCR § 7002.5.

4. Maaari bang magbigay ang DOR ng teknolohiyang pantulong kapag nag-apply ako para sa mga serbisyong DOR?

Oo. Maaaring magbigay ang DOR ng teknolohiyang pantulong kapag tinutukoy ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyong DOR. Kung hindi maipaliwanag ng mga kasalukuyang impormasyon ang iyong kasalukuyang lebel ng pagganap o ang impormasyon ay hidi makukuha, maaaring magsagawa ang DOR ng mga pagsusuri, kasama na ang pagsuri para sa pangangailangan ng mga kagamitan at serbisyong teknolohiyang pantulong, at anupamang ibang mga serbisyo na kinakailangan upang malaman ang iyong pagiging karapat-dapat. 9 CCR 7062 (g)(1)(a)(B).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat sa DOR, tingnan ang *Pilyego ng Impormasyon ng Pagiging Karapat-dapat para sa Bokasyunal na Serbisyong Rehabilitasyon (Eligibility for Vocational Rehabilitation Services Fact Sheet)*, Lat. #F066.01 sa <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/F06601.pdf>

Kapag napag-alaman na ikaw ay karapat-dapat para sa mga serbisyo, maaaring isama ng DOR ang teknolohiyang pantulong sa iyong IPE kung kailangan ito para makamit mo ang iyong layunin sa trabaho. 9 CCR § 7131 (a)(2)(A).

5. Ano ang rehabilitasyong pag-iinhinyero (rehabilitation engineering)?

Ang rehabilitasyong pag-iinhinyero ay nangangahulugan ng sistematikong paggamit ng mga siyensiyang pag-iinhinyero upang magdisenyo, gumawa, i-angkop, subukin, suriin, i-apply at ipamahagi ang mga solusyong teknikal sa mga problemang hinaharap ng mga indibidwal na may kapansanan sa larangan ng pagganap gaya ng pagkilos, pakikipag-ugnayan, pandinig, paningin, pagkilala, at sa mga gawaing may kinalaman sa pagtatrabaho, malayang pamumuhay, at integrasyon sa komunidad. 29 U.S.C. 723 (a)(14); 9 CCR § 7024.4.

Maaaring kasama sa mga serbisyo ng rehabilitasyong pag-iinhinyero at pagtatasa sa lugar ng trabaho ng isang tao at paghahanap ng nabibiling

mga piyesa upang isagawa ang isang ergonomiyang disenyo na puwesto ng trabaho na may mesang naiayos ang taas at iposisyon ang mga kagamitan sa opisina gaya ng mga computer, printer, at fax machine. Ang ganitong mga pag-aangkop ay karaniwang ginagawa ng kwalipikadong inhinyero ng rehabilitasyon.

6. Anong mga uri ng teknolohiyang rehabilitasyon ang maaaring maisama sa aking IPE?

Kung kinakailangan mo ng teknolohiyang rehabilitasyon upang makamit ang iyong (mga) layunin sa trabaho, dapat na kasama sa iyong IPE:

- Ang ispesipikong mga serbisyo ng teknolohiyang rehabilitasyon na kailangan mo;
- Kung paano ibibigay ang teknolohiya sa iyo sa pinaka-pinagsamang setting; at
- Sino ang magbibigay ng teknolohiya at anumang mga serbisyo na kaugnay sa pagkakuha at paggamit nito. 29 U.S.C. 722(b)(3)(B)(i)(I).

Pagsubok na Karanasan sa Trabaho at teknolohiyang pantulong. Ang “Pagsubok na Karanasan sa Trabaho” (TWE, Trial Work Experience) ay nangangahulugan na pagtuklas sa iyong mga kakayanan, kakayahan, at kapasidad na maisagawa ang trabaho sa isang makatotohanang kapaligiran at *dapat* na isagawa bago ang pagtukoy kung may benepisyo o wala ang mga serbisyong bokasyunal na rehabilitasyon sa iyo. Bilang bahagi ng TWE, ang DOR ay *dapat* na magsama ng angkop na mga serbisyo kabilang na ang teknolohiyang pantulong at mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa rehabilitasyon sa panahon ng TWE. 9 CCR § 7029.1. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat sa DOR, tingnan ang *Pilyego ng Impormasyon ng Pagiging Karapat-dapat para sa Bokasyunal na Serbisyong Rehabilitasyon, Lat #F066.01*[*Eligibility for Vocational Rehabilitation Services Fact Sheet*])

7. Maliban sa teknolohiyang rehabilitasyon, ano pa ang ibang serbisyong maibibigay ng DOR sa akin?

Maaari ring magbigay ang DOR ng mga pagbabalik ng pisikal at mental na serbisyo. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay kung kinakailangan upang itama o ganap na baguhin, sa loob ng makatwirang panahon, ang pisikal at mental na kondisyon na matatag o may mabagal na pagsulong. Kasama

rito ang malawak na sakop ng mga medikal na serbisyo. Ang mga uri ng kagamitan at mga serbisyo sa ilalim ng kategoryang ito ay:

- Prosthetic, orthotic, o iba pang kagamitang pantulong na mahalaga upang makuha o mapanatili ang trabaho;
 - Mga salamin at serbisyong paningin;
 - Terapiyang pisikal;
 - Terapiyang occupational;
 - Mga wheelchair at tulong sa pagdinig;
 - Terapiya sa pagsasalita o pagdinig; at
 - Mga espesyal na serbisyo upang gamutin ang mga indibidwal na dumaranas ng huling-yugtong sakit sa bato, kasama na ang mga transplant, dialysis, artipisyal na bato, at mga kagamitan.
- 9 C.C.R. § 7020.

8. Kailangan ko bang magbayad para sa mga serbisyo ng DOR?

Minsan maaaring iatas ng DOR na magbigay ka para sa gastos ng mga bokasyunal na serbisyong rehabilitasyon na kailangan mo kasama na ang mga kagamitan at serbisyong teknolohiyang pantulong. Isasaalang-alang ng DOR ang iyong KITA at mga magugugol na pag-aari, bilang ng mga miyembro ng iyong pamilya, at iyong mga medikal na eksempsyon, upang kwentahin ang halaga na dapat mong ibigay. 9 C.C.R. § 7190.

Hindi mo kailangang magbayad kung tumatanggap ka ng Seguro sa Kapansanan ng Segurong Panlipunan (SSDI, Social Security Disability Insurance), Karagdagang Seguro sa Kita (SSI, Supplemental Security Income)/Karagdagang Bayad ng Estado (SSP, State Supplementary Payment), at iba pang mga tulong pampubliko gaya ng pangkalahatang tulong, o Tulong sa mga Pamilyang may Dependeng mga Anak (AFDC, Aid to Families with Dependent Children) (tinatawag na ngayon na Pansamantalang Tulong sa mga Pamilyang Nangangailangan [TANF, Temporary Assistance for Needy Families])

Ang mga sumusunod na mga bokasyunal na serbisyong rehabilitasyon ay libre sa bawat kliyente ng DOR:

- Pagsusuri ng mga potensyal ng rehabilitasyon, kasama na ang mga dyagnostiko at kaugnay na mga serbisyo;
- Mga serbisyong pagpapayo, pagpatnubay at pagsangguni;
- Pagtatalaga sa trabaho o tulong sa paghahanap ng trabaho;
- Pagsasanay, pagtuturo, mga libro, at iba pang mga materyales sa pagsasanay;
- Mga kagamitan na kinakailangan upang gawin ang trabaho;
- Mga personal na serbisyo gaya ng pangangalaga, tagapagsalin sa bingi o wika, tagasulat, drayber at tagabasa;
- Mga gastos sa transportasyon; at
- Mga serbisyo sa pagtuturo sa trabaho.
- CCR § 7191.

9. May mga pagkakataon ba na aasahan sa akin ng DOR na kumuha ng teknolohiyang rehabilitasyon sa ibang mapagkukunan?

Hindi babayaran ng DOR ang anumang bagay o serbisyo kung makukuha ito sa ibang mga mapagkukunan (maihahambing na serbisyo). 29 U.S.C. § 721(a)(8). Subalit, hindi mo kailangang gumamit ng mga maihahambing na benepisyong kung ang pagkuha ng mga benepisyong ito ay makakaabala o makakaantala sa iyong pagsulong tungo sa pagkakamit mo ng iyong resulta ng trabaho, isang agarang pagtatalaga sa trabaho, o mga serbisyo kung ikaw ay nasa seryosong medikal na panganib. 34 Kodigo ng Pederal na Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) 361.53(a), 9 CCR 7198. Gayundin, ang mga sumusunod na serbisyo ay hindi nangangailangan na kunin sa ibang mapagkukunan:

- Pagsusuri ng potensyal ng rehabilitasyon;
- Mga serbisyo ng pagpapayo, patnubay o pagsangguni;
- Bokasyunal o iba pang mga serbisyong pagsasanay kabilang ang pagsasanay na personal at bokasyunal na pag-aangkop, mga libro, kagamitan, at iba pang mga materyales ng pagsasanay na ibinigay ng mapagkukunan maliban sa institusyon ng mas mataas na edukasyon;
- Pagtatalaga sa trabaho;

- Mga serbisyong rehabilitasyong pag-iinhinyero; at
- Mga serbisyo ng pagtuturo sa trabaho.

9 CCR § 7196.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol maihahambing na mga benepisyo, tingnan ang *Pilyego ng Impormasyon ng Serbisyong Rehabilitasyon at Maihahambing na mga Benepisyo (Rehabilitation Services and Comparable Benefits Fact Sheet)*, Lat #F065.01 sa <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/F06501.pdf>

10. Ano ang maaari kong gawin kung tanggihan ng DOR ang aking kahilingan para sa teknolohiyang rehabilitasyon?

Maaari kang humiling ng isang administratibong pagsusuri o humiling ng pamamagitan at/o patas na paglilitis. 9 CCR §§ 7351(c), 7353.6 (b)-(c) at 7354.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol mga Apela sa DOR, tingnan ang *Pilyego ng Impormasyon ng mga Opsyon at Proseso ng mga Apela sa Kagawaran ng Rehabilitasyon (California Department of Rehabilitation Appeals Options and Process Fact Sheet)*, Lat #5530.01 sa <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/553001.pdf>

Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa

<http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>